



Edad 2.5+ taon
Pinong galaw



Pagsasandok

Mga Materyales

Dalawang mangkok (pareho ng laki) sa isang bandeha. Isang maliit na kutsara sa gitna ng dalawang mangkok. Ang mangkok sa kaliwang bahagi ng bandeha ay kalahating puno ng mga buto (tulad ng monggo o iba pang uri ng buto). Huwag gumamit ng buhangin o bato (lalo na ang aktibidad na ito ay kaugnay sa paraan ng pagkain).

Hakbangin

Anyayahan ang bata na tumungo sa istante kung saan nakatabi ang bandeha. Ipakita kung paano hawakan ang bandeha at hayaan ang bata na dalhin ito sa isang mesa. Maupo sa kanang bahagi at hilingin sa bata na ilagay ang kanyang mga kamay sa kanyang kandungan habang nanunuod sa iyong gagawin.

Gamit ang iyong pangunahing kamay (ang hinlalaki sa ibabaw ng hawakan ng kutsara habang ang apat na daliri ay nasa ilalim), iangat ang kutsara. Marahan na dalhin ang kutsara sa ibabaw ng punong mangkok. Dahan-dahang ibaba ang kutsara, at sumandok ng mga buto. Iangat ang kutsara at dahan-dahang isalin ang mga buto sa kaliwang mangkok. Gawin itohanggang sa mailipat sa kaliwang mangkok ang lahat ng mga buto. Ibalik ang kutsara sa bandeha.

Marahan na ipihit ang bandeha (180 degrees), upang ang punong mangkok ay mapunta sa iyong kanan. Muling iharap sa iyo ang kutsara. Anyayahan ang bata na gawin ang aktibidad.

Mga pagsasanay o iba pang maaaring gawin:

1. Unang ipakita ang pagsasalin ng malalaking buto. Kapag ang gawain na ito ay naging mas madali para sa bata, palitan ng mas maliit na buto.
2. Kapag ang pagsasandok at pagsasalin ay parehong naging madaling gawain para sa bata, gumawa ng panibagong gawain na magkasama ang dalawa.

Direktang Layunin

- Upang mahusay na makapag sandok.

Iba pang Layunin

- Coordination and muscular control of movement.

Kontrol sa Pagkakamali

- Makikita o maririnig ang mga natapon na buto sa bandeha o mesa.

Punto ng Kamalayan

- Makikita na ang punong mangkok ay wala nang laman.

Edad

- Mula dalawa't kalahating taong gulang pataas. Maaaring hindi na gaanong interesado ang isang batang edad apat na taong gulang. Maiging gamitin ang obserbasyon upang iyong makita ang koneksyon ng aktibidad na ito sa indibidwal na pangangailangan at interes ng isang bata.